

7

Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuarter 1

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7
Kuarter 1: Aralin 3 (Linggo 4)
SY 2024-2025

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo Manunulat: Jennet F. Pajura Tagasuri: Amabel T. Siason Ilustrador: Tagaanyo:
Mga Tagapamahala Philippine Normal University Research Institute for Teacher Quality SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.


VALUES EDUCATION/ KUWARTER 1 / BAITANG 7

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapahalaga at <i>virtue</i> bilang batayan ng sariling pagpapasya, pagkilos, at pakikipagkapuwa
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral nang wasto ang pagpapahalaga at <i>virtue</i> sa mga gagawing pagpapasya, pagkilos at pakikipagkapuwa upang malinang ang pagiging matatag
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Nakapagsasanay sa pagiging matatag sa pamamagitan ng palagiang paninindigan sa mga taglay na pagpapahalaga at <i>virtue</i>. A. Nakakikilala ng mga paraan ng paggamit ng pagpapahalaga at <i>virtue</i> bilang batayan ng sariling pagpapasya. B. Naipaliliwanag na ang pagpapahalaga at <i>virtue</i> bilang batayan ng sariling pagpapasya, pagkilos, at pakikipagkapuwa ay gabay na magtitiyak na patungo sa katotohanan at kabutihan ang bawat pagtugon lalo na sa mga situwasyon na sinusubok ang kanilang pagkatao. C. Nailalapat nang wasto ang pagpapahalaga at <i>virtue</i> sa mga gagawing pagpapasya, pagkilos, at pakikipagkapuwa.
D. Nilalaman	Pagpapahalaga at <i>Virtue</i> Bilang Batayan ng Sariling Pagpapasya, Pagkilos, at Pakikipagkapuwa
E. Lilinanging Pagpapahalaga	Matatag (<i>Resilience</i>)
F. Integrasyon	

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- Enjoy these Blank Open Book Images for free. [Online image] Freepik. <https://www.freepik.com/free-photos-vectors/blank-open-book>
- Leaf Outline Clip Art at Clker.com - vector clip art online, royalty free & public domain. . [Online image] <https://www.clker.com/clipart-leaf-outline-9.html>
- Shapiro, L. (2023). Why do trees have differently shaped leaves? Washington Post. <https://www.washingtonpost.com/science/interactive/2023/leaf-shape-diversity/>
- Siason, A. & Pajura, J. (2024). Hardin ng Pagpapahalaga at Birtud [Lesson Activity]. West Visayas State University
- Swansson, G. (2023). Integrity, values, and virtues: the path to a fulfilling life. <https://www.linkedin.com/pulse/integrity-values-virtues-path-fulfilling-life-gregg-swanson-pcc-nlp>
- Panda, I. (2023). The Importance of Values and Virtues [Photograph]. <https://ivypanada.com/essays/the-importance-of-values-and-virtues/>
- Wanted: Taong matapat. (2003, January 23). Philstar.com. <https://www.philstar.com/opinyon/2003/01/23/192588/editorial-150-wanted-taong-matapat>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA sa GURO
Pagkuha ng Dating Kaalaman	UNANG ARAW Maikling Balik-aral Itanong Mo sa Akin May dalawang kahon ang ihahanda, una para sa paglalagyan ng mga tanong at ang ikalawang kahon ay para sa pangalan ng mga mag-aaral. Ang tanong ay bubunutin sa sinumang mapipiling mag-aaral at ang sasagot ay ang pangalang mabubunot sa ikalawang kahon. Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga gabay na katanungan na tatalakayin sa klase. 1. Bakit itinuturing na pinakamataas sa lahat ng antas ng mga pagpapahalaga ang Banal na Pagpapahalaga (<i>Holy Values</i>)? 2. Paano mo masasabi na naabot na ng kaisipan ng tao ang kaniyang kaganapan?	Ang guro ay maghahanda ng dalawang kahon. Unang kahon ay may lamang mga katanungan at ang ikalawang kahon ay pangalan ng mga mag-aaral. Maaaring dagdagan ng guro ang mga katanungan sa balik-aral.

	3. Ipaliwanag, “Mas malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng pagpapahalaga, mas mataas ang antas nito.”	
Paglalahad ng Layunin	Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin <i>Values and Virtues Charades</i> Maglaro ng <i>charades</i> gamit ang mga salitang nauugnay sa mga pagpapahalaga (<i>values</i>) at birtud (<i>virtue</i>). Ang mga kalahok sa bawat pangkat ay dapat umarte ng kilos batay sa inihandang salita/mga salita ng guro. 1. matatag 2. pakikipagkapuwa 3. pagpapasya 4. matapat 5. mapagkakatiwalaan Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin Palalalimin pa ang pang-unawa ng mag-aaral tungkol sa pagpapahalaga at birtud sa pamamagitan ng grapikong pantulong. Sa mga bilog ay ipasulat ang pakahulugan nila sa mga salitang pagpapahalaga at birtud mula sa aralin noong nakaraang linggo. Sa gitnang kahon ay ipasulat ang kaugnayan ng dalawa. Pagkatapos ay magpabigay ng mga halimbawa na ilalagay sa malilit na kahon.  <pre> graph TD PP([Pagpapahalaga]) --- K[Kaugnayan] B([Birtud]) --- K PP --> B1[] PP --> B2[] PP --> B3[] B --> B1 B --> B2 B --> B3 B1 --> C[] B2 --> C B3 --> C </pre>	<i>Values and Virtues Charades</i> Halimbawa, ang salitang "matatag" ay maaari niyang ipakita sa pamamagitan ng pag-arte bilang isang taong nagpapakita ng hindi pagsuko .

Paglinang at Pagpapalalim	Kaugnay na Paksa 3: Ang Kahalagahan ng Pagpapahalaga at <i>Virtue</i> sa Sariling Pagpapasya, Pagkilos, at Pakikipagkapuwa Pagproseso ng Pag-unawa Ang kahalagahan ng mga pagpapahalaga at birtud ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng papel na ginagampanan nila sa buhay ng isang tao. Kinakatawan ang mga makatotohanang layunin na tumutulong sa isang tao na maglakbay sa kanilang buhay. Higit pa rito, tinutulungan ng mga pagpapahalaga at birtud ang mga tao sa pagkilatis ng tama sa mali at gumawa ng mga moral na desisyon. Nagsisilbing gabay na ilaw sa ating paglalakbay sa buhay. Nagbibigay ang mga ito ng kalinawan sa mga oras ng kawalan ng katiyakan at tinutulungan magpasya sa mga kumplikadong desisyon. Kapag ang ating mga kilos ay naaayon sa ating mga pagpapahalaga at birtud, nakakaranas tayo ng pakiramdam ng pagiging tunay at pagkakatatag. Ang pagkakahayan na ito ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan na gumawa ng mga pagpipilian na sumasalamain sa ating tunay na pagkatao. Sa isang mundo na kung minsan ay maaaring makaramdam ng pagsubok at tukso, ang pamumuhay nang may integridad, mga pagpapahalaga, at mga birtud ay nagiging isang tanglaw ng liwanag. Ito ay isang kamalayan ng pagpili na mamuhay ng isang buhay na sumasalamain sa ating pinakamalalim na paniniwala at adhikain. Ang pagbigay-pansin sa pagpapahalaga at birtud ay nagangahulugang hindi lamang manatiling tapat sa ating mga pinahahalagahan kundi maging inspirasyon din sa iba na gawin din ito. Pinatnubayang Pagsasanay Basahin ang kuwento at maghanda para sa isang talakayan. Iba Ka! Sa panahong ito na talamak ang korupsiyon sa maraming sangay ng pamahalaan at maging sa pribadong tanggapan, mahirap paniwalaang may mga tao pa ring matapat at mapagkakatiwalaan. Lalo pa ngayon na batbat ng	

	kahirapan, ang taong matapat ay may kahirapan nang matagpuan. Mga taong matapat at mapagkakatiwalaan, iyan ang kulang sa lipunan. Pero nangibabaw si Ma. Fe Sotelo, isang <i>security guard</i> na nagsauli ng Php 500,000 na naiwan ng isang Chinese sa <i>comfort room</i> ng <i>isang mall</i>. Sa katulad ni Ma. Fe na kakarampot lamang ang suweldo, ang Php 500, 000,00 ay malaki nang halaga para mabili ang mga pangunahing kailangan niya sa buhay. Maaaring hindi niya iyon isauli at angkinin na lamang. Pero hindi ganyan ang ginawa ni Ma. Fe. Hindi raw niya maaatim na gastusin ang perang hindi naman niya pinagpaguran. Hindi kaya ng konsensiya niya. Napakaganda ng panuntunan ni Ma. Fe sa buhay. Sana ay ganyan din ang maging panuntunan ng mga opisyaes sa pamahalaan na walang takot kung mangurakot sa pera ng bayan. Ganyan sana ang maging ugali ng mga mayayamang negosyante na nandadaya sa pagbabayad ng buwis. Maraming hindi matapat at mapagkakatiwalaan sa <i>Department of Public Works and Highways, Bureau of Internal Revenue, Bureau of Immigration, Bureau of Customs at Philippine National Police</i> at marami pang departamento. Nagsasagawa ng pagroronda si Ma. Fe sa <i>Festival Mall</i> sa Alabang, dalawang linggo na ang nakararaan, nang isang <i>belt bag</i> ang kaniyang natagpuan sa <i>comfort room</i> ng mga lalaki sa <i>basement parking lot</i>. Hindi nagsayang ng panahon si Ma. Fe, dinampot ang bag, tiningnan ang laman at nagimbal sa nakabalumbong pera. Madali niyang dinala ang bag sa kaniyang hepe at makalipas lamang ang ilang oras, natunton ang may-ari ng bag – si Wang Chao Wei, isang negosyante mula sa Tiangxi, China. Nagtayo ng negosyo rito si Wei. Inalok ni Wei ng perang pabuya si Ma. Fe pero tinanggihan iyon ng dalagang sekyu. Bihira na nga ang mga nilalang na katulad ni Ma. Fe. Maaaring wala na nga siyang katulad sa mga opisyal at empleyado sa <i>DPWH, Customs, Immigration</i>, at <i>BIR</i>. Kung matutuloy ang pangarap niyang maging miyembro ng PNP madadagdagan ang bilang ng matapat na pulis. Kapos sa taas si Ma. Fe kaya hindi siya matanggap bilang pulis subalit nagbigay ng pag-asa si PNP Chief Hermogenes Ebdane na maaari siyang mapabilang sa <i>police force</i>. Mga Pamprosesong Tanong: 1. Ano ang kahanga-hangang ginawa ni Ma. Fe? 2. Paano naiiba ang mga aksyon ni Ma. Fe sa mga karaniwang ginagawa ng mga tao sa kaniyang katayuan? Ano ang mga posibleng kadahilanan ng kaniyang mga aksyon?	
--	--	--


3. Sa tingin mo, sa kabila ng kahirapan bakit hindi nagpatukso si Ma. Fe na kunin ang pera?
4. Ano ang mga pagpapahalaga at birtud na ipinamalas ni Ma. Fe?
5. Ano ang mga hakbang na maaaring gawin ng lipunan upang hikayatin ang iba pang mga tao na maging katulad ni Ma. Fe?
6. Kung ikaw ang nasa posisyon ng mga opisyal ng pamahalaan, ano ang iyong gagawin upang tiyakin na ang mga empleyado ay magtataguyod ng mga pagpapahalaga at birtud tulad ng katapatan at integridad?

IKALAWANG ARAW

Paglalatap at Pag-uugnay

Ang Dapat Kong Gawin

Ang klase ay hahatiin sa malilit na pangkat. Bawat grupo ay bubunot ng isang situwasyon na tatalakayin upang mapunan ang mga hinihinging impormasyon sa grapikong pantulong. Tutukuyin ng mga miyembro kung ano ang mga pagpapahalaga at birtud ang isasaalang-alang upang matugunan ng tama ang situwasyon. Pag-uusapan din nila kung ano ang magiging epekto kung nailapat ang mga pagpapahalaga at birtud at ano naman ang kahihinatnan kung hindi.



Ang Dapat Kong Gawin

Ito ang mga karagdagang situwasyon na gagamitin para sa natitirang pangkat

- Nalulong sa *online games* si Jeff kaya napabayaang ang pag-aaral.
- Pagkuha ni Michael ng litrato ng mga kaklase na walang pahintulot.
- Paghatak ni JR ng upuan ni Belle kaya natumba ito.
- Umiinon ng *softdrinks* si Gwen araw araw bago kumain.



Maaaring palitan ang mga situwasyon kung may mga isyu na nais talakayin ang guro na mas naaangkop sa karanasan ng mga mag-aaral.


	Kaugnay na Paksa 4: Pagsasabuhay ng Pagpapahalaga at <i>Virtue</i> sa mga Gawaing Pagpapasiya, Pagkilos at Pakikipagkapuwa I. Pagproseso ng Pag-unawa Ang pagpapahalaga at birtud ay pinagsusumikapang makamit ng tao dahil ito ang layunin o tunguhin na nagdudulot ng kabutihan sa kaniyang buhay na ninanais niyang maisakatuparan. Ang pagsasakatuparan nito ay nagbibigay ng kabuluhan at kalidad sa buhay ng tao. Samakatuwid, ang pagpapahalaga at birtud ay nagsisilbing batayan, layunin, at dahilan ng pangangailangang kumilos sa gitna ng mga pagpipilian. Ito ay maituturing na kapangyarihang nag-uudyok sa tao na kailangan niya upang mabuhay. Mahuhubog ang iyong pagkilos ayon sa kabutihan na siyang magpapakita ng magandang ugali o asal. Makatutulong ang pagsasanay na ito sa pagpapaunlad ng iyong sariling pagpapasya, pag-iisip, at pakikipagkapuwa. Ang pagsasabuhay ng pagpapahalaga at birtud sa mga gawaing pagpapasya, pagkilos, at pakikipagkapuwa ay: 1. nagpapataas ng kamalayan sa mga pangangailangan ng iba. 2. nagpapakita ng higit na pagiging sensitibo sa damdamin ng iba. 3. nagpapataas ng pagpapahalaga at kamalayan sa sarili. 4. mabuting pag-uugali batay sa disiplina sa sarili. 5. nagpapaunlad ng espirituwal na katalinuhan. 6. nakatutulong sa pag-abot ng tagumpay sa buhay. 7. nakapag-aambag sa pagbuo ng personal na awtonomiya at kasiyahan sa buhay. IKATLONG ARAW II. Pinatnubayang Pagsasanay Huwarang Nilalang Hahatiin ang klase sa pangkat para sa gagawing interbyu, mas maganda kung nasa iisang lugar o magkakalapit ang lugar ng bawat isa. Pag-usapan ang pagpapalano sa gawain. Gawing gabay ang nakalista sa ibaba.	
--	---	--

Huwarang Nilalang
Sa unang araw pa lang ng linggo ay nararapat na maihanda na ng guro ang mga mag-aaral para

	1. Ang iinterbyuhin ay taong inyong kapitbahay o kabaranggay na kilala sa pagiging huwaran dahil sa taglay niyang mga pagpapahalaga at birtud. 2. Alamin ang <i>background</i> ng taong kakapanayamin. Kilalanin ang kaniyang mga karanasan, mga nagawa, at mga prinsipyo sa buhay. 3. Mag-isip ng mga tanong na nakatuon sa pagpapahalaga at birtud. Magandang magkaroon ng isang listahan ng mga tanong. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga halimbawang katanungan. • Maaari po bang ipakilala ninyo ang inyong sarili, trabaho, o pinagkakaabalahan ngayon? • Kilala kayo bilang isang tao na _____ (sabihin ang kahanga-hangang katangian o ang kabutihang nagawa ng kinakapanayam). Paano ninyo nalinang/nagagawa ito? • Ano/Sino ang nakaimpluwensiya sa iyo upang malinang ang taglay mong pagpapahalaga at birtud? • Ano ang mga pangyayari sa inyong buhay na sinubok ang inyong pagpapahalaga at birtud? Paano mo natugunan ang mga ito? • Paano mo hinaharap ang mga hamon at karanasan na maaaring sumubok sa iyong mga pagpapahalaga at birtud? • Ano ang mga benepisyong pagpapakita ng pagpapahalaga at birtud sa iyong sarili at sa iba? • Ano ang pinakamahalagang birtud para sa iyo at bakit? • Paano mo itinataguyod ang mga birtud na ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? • Ano ang mensahe po ninyo sa mga kabataan na tulad namin? 4. Simulan ang interbyu sa isang magandang pagbati. Ipakilala ang sarili at ipaliwanag ang layunin ng interbyu. 5. Pagkatapos ng interbyu, magpasalamat sa taong ininterbyu para sa kaniyang oras at pagbahagi ng kaniyang mga saloobin at karanasan. 6. Ibahagi sa klase ang mga natutuhan mula sa kinapanayam. Mga Tanong sa Talakayan: 1. Ano ang inyong naiisip o nararamdaman habang ginagawa ang panayam? 2. Bakit masasabi ninyong huwaran na tao ang inyong nakapanayam? 3. Anong mga pagpapahalaga at birtud ang naging maimpluwensiya sa pagkatao at pagkilos ng inyong mga nakapanayam? 4. Paano nila nalinang at isinabuhay ang mga ito?	sa gawaing ito. Gabayan ang mga mag-aaral kung paano isasagawa ang panayam nang maayos at may pagsaalang-alang sa kanilang kaligtasan. Tandaan na ang mga gabay tanong ay maaaring baguhin o madagdagan depende sa direksyon ng interbyu at sa mga sagot ng taong iinterbyuhin.
--	---	---

	5. Anong mahahalagang pagkatuto ang inyong nahinuha mula sa buhay at gawa ng mga nakapanayam? IKAAPAT ARAW III. Paglalapat at Pag-uugnay Hardin ng Pagpapahalaga at Birtud (Siason at Pajura, 2024) Ang pagpapahalaga (<i>values</i>) at birtud (<i>virtues</i>) ay nagiging mas malalim at mas matatag kapag ito ay sinasanay at pinagpapakadalubhasa. Kaya mahalaga na patuloy nating isanay ang ating sarili sa mga pagkakataon na nagbibigay-daan sa pagpapalalim ng ating mga pagpapahalaga at birtud. Sa ganitong paraan, mas magiging matatag at malalim ang ating mga paniniwala at magiging gabay sa ating mga pagpapasya at kilos. Panuto: 1. Gumupit ng mga hugis dahon at bulaklak gamit ang kartolina na iba-iba ang kulay. 2. Sa harapang bahagi ng dahon ay isulat ang pagpapahalaga o birtud na nais mong mapaunlad. Sa kabilang bahagi naman ay ang paraan ng pagsasagawa. 3. Idikit ang dahon sa patpat at itanim o itusok ito sa pasong inihanda. 4. Kapag naisagawa ng mag-aaral ang paraan ng pagsasabuhay sa pagpapahalaga at birtud, magdidikit siya ng hugis bulaklak sa tabi ng dahon. 5. Gagawin ang pagtatanim ng lingguhan at ito ay gagawin sa buong taong panuruan.	Hardin ng Pagpapaalaga at Birtud Kagamitan: 1. panulat/<i>pentel pen</i> 2. gunting 3. kartolina 4. patpat Ang guro ay maglalaan ng espasyo na paglalagyan ng hardin ng mga pagpapahalaga at birtud. Ito ay may mga paso na tutusukan/taniman ng mga mag-aaral ng kanilang ginupit na dahon sa bawat linggo. Idadagdag ng mag-aaral ang mga pagpapahalaga o birtud na lilinangin sa aralin kada linggo. Regular na susubaybayan ito ng guro. Maaaring gumawa ng tseklist upang maitala ang pagsasakilos na isinagawa ng bawat mag-aaral.
--	--	---

	Halimbawa: Harapan ng Dahon  Likuran ng Dahon  Pamprosesong Tanong: 1. Anong bahagi ng gawain ang madali at mahirap sa iyo? 2. Sa palagay mo ba ay makatutulong ang gawaing ito upang mas masanay mo pa ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga at birtud? Sa papaanong paraan? 3. Ano ang maaaring makatulong sa iyo upang maisakatuparan mo ang mga paraan na iyong isinulat sa dahon? 4. Ano naman ang magiging hadlang? Paano mo ito pagtatagumpayan?	
Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto Sagutin ang mga tanong. 1. Bakit mahalagang malinang ang pagpapahalaga at <i>virtue</i>? 2. Paaano nagkakaugnay ang pagpapahalaga at <i>virtue</i>? 2. Pagninilay sa Pagkatuto Sagutin ang sumusunod na katanungan upang magamit na batayan sa pagharap sa mga hamon sa buhay.	

		
--	--	--

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY				MGA TALA sa GURO
Pagtataya	1. Pagsusulit			Sagot sa Ikalawang Kolum: 1. ♡ 2. X 3. X 4. ♡ 5. ♡ Mga Posibleng Sagot sa Ikatlong Kolum:
	I. Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na mga situwasyon. Iguhit sa ikalawang kolum ang puso (♡) kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga at <i>virtue</i> at ekis (X) naman kung hindi. Isulat naman sa ikatlong kolum ang pagpapahalaga o birtud na kailangan upang maisagawa ng tauhan ang tamang pagpapasya o pagkilos.			
	Situwasyon	Puso o Ekis	Pagpapahalaga o Birtud na Kailangan sa Pagsasagawa ng Tamang Pagpapasya o Pagkilos	

	<table border="1"> <tr> <td data-bbox="448 145 1151 252">1. Tinatanggihan ni Jessica ang mga pagkaing matatamis sapagkat alam niyang makakasama ito sa kaniyang katawan.</td><td data-bbox="1151 145 1263 252"></td><td data-bbox="1263 145 1637 252"></td></tr> <tr> <td data-bbox="448 252 1151 323">2. Madalas sumasama si Marian na makipag-inuman sa kaniyang mga kaibigan.</td><td data-bbox="1151 252 1263 323"></td><td data-bbox="1263 252 1637 323"></td></tr> <tr> <td data-bbox="448 323 1151 464">3. Nakita ni Mang Ope ang totoong pangyayari sa krimeng naganap sa kanilang lugar ngunit pinili niyang manahimik para hindi madamay.</td><td data-bbox="1151 323 1263 464"></td><td data-bbox="1263 323 1637 464"></td></tr> <tr> <td data-bbox="448 464 1151 571">4. Pumapasok si Pamela sa paaralan nang regular kahit mahirap ang kanilang pamumuhay at wala siyang baon.</td><td data-bbox="1151 464 1263 571"></td><td data-bbox="1263 464 1637 571"></td></tr> <tr> <td data-bbox="448 571 1151 711">5. Niyaya si Aljen ng kaniyang mga kaibigan na lumiban sa klase para mapanood ang kanilang iniidolong bida sa pelikula pero tinanggihan niya ito.</td><td data-bbox="1151 571 1263 711"></td><td data-bbox="1263 571 1637 711"></td></tr> </table> II. Basahin ang mga situwasyon at pag-isipang mabuti kung paano maisasabuhay ng tauhan ang pagpapahaga at birtud sa kanyang pagpapasya, pagkilos, o pakikipagkapuwa. Situwasyon 1: Tambak ang mga gawain sa paaralan na dapat ipasa ni Athena at pursigido talaga siyang tapusin ang mga ito bago ang takdang araw. Ngunit palagi siyang nakatatanggap ng mensahe sa kaniyang <i>cellphone</i> mula sa mga kaibigan na gumala sa <i>mall</i> dahil maraming bagsak presyong bilihin ngayon. Ano ang dapat na isaalang-alang ni Athena bago siya gumawa ng pagpapasya o kilos?	1. Tinatanggihan ni Jessica ang mga pagkaing matatamis sapagkat alam niyang makakasama ito sa kaniyang katawan.			2. Madalas sumasama si Marian na makipag-inuman sa kaniyang mga kaibigan.			3. Nakita ni Mang Ope ang totoong pangyayari sa krimeng naganap sa kanilang lugar ngunit pinili niyang manahimik para hindi madamay.			4. Pumapasok si Pamela sa paaralan nang regular kahit mahirap ang kanilang pamumuhay at wala siyang baon.			5. Niyaya si Aljen ng kaniyang mga kaibigan na lumiban sa klase para mapanood ang kanilang iniidolong bida sa pelikula pero tinanggihan niya ito.			1. pangangalaga sa kalusugan, displina sa sarili 2. tama at tunay na pagkakaibigan, pagtitimpi 3. katarungan, pagtaguyod sa katotohanan, katapangan 4. pagbibigay-halaga sa edukasyon, pagiging matiyaga, kasipagan 5. pagbibigay-halaga sa edukasyon, disiplina sa sarili
1. Tinatanggihan ni Jessica ang mga pagkaing matatamis sapagkat alam niyang makakasama ito sa kaniyang katawan.																	
2. Madalas sumasama si Marian na makipag-inuman sa kaniyang mga kaibigan.																	
3. Nakita ni Mang Ope ang totoong pangyayari sa krimeng naganap sa kanilang lugar ngunit pinili niyang manahimik para hindi madamay.																	
4. Pumapasok si Pamela sa paaralan nang regular kahit mahirap ang kanilang pamumuhay at wala siyang baon.																	
5. Niyaya si Aljen ng kaniyang mga kaibigan na lumiban sa klase para mapanood ang kanilang iniidolong bida sa pelikula pero tinanggihan niya ito.																	

	Situwasyon 2: Pinabaunan ng masarap na <i>sandwich</i> at prutas si Ateng ng kaniyang ina. Paboritong-paborito niya kaya nagmamadaling kainin ito. Sa oras ng kainan ay nakita niya ang kaklaseng wala baon. Ano ang dapat na isaalang-alang ni Ateng sa pagpapakita ng pakikipagkapuwa?			
Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-
	Estratehiya			
	Kagamitan			

				aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			
Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.